

Pag-abuso sa Matatanda



PANATILIHING LIGTAS ANG PERA AT MGA ARI-ARIAN

Ang impormasyong ito ay mula sa **Seniors Legal and Support Service** (Serbisyonang Pambatas at Suporta para sa Matatanda) sa Caxton Legal Centre. Ang serbisyonang ito ay pinopondohan ng pamahalaan ng estado. Ito ay nag-aalay ng libre, kompidensyal at mga serbisyonang panlipunan sa matatanda upang tulungan silang harapin ang pinsala o pagpapabaya ng pinagkakatiwalaang mga kapamilya o kaibigan.

PAANO MAKAKUKUHA NG LIBRENG TULONG – ISA-ISANG HAKBANG

Ang pag-abuso ay maaaring pampinansyal, pasalita, pandamdamin, pisikal o kombinasyon ng mga ito. Kadalasan, mahirap pag-usapan ang tungkol sa mga problemang ito, at karaniwan ang makaramdam ng pagkahiya tungkol sa nangyayari. Kung kayo ay nag-aalala o nangangamba at nais ninyong malaman ang tungkol sa inyong mga opsyon upang pabutihin ang inyong sitwasyon, makakatawag kayo sa pambuong estadong helpline sa 1300 651 192 at humingi ng tulong.

MGA KARANIWANG ISTORYA

kung saan ang pera at mga ari-arin ng matatanda ay maaaring gamitin sa maling paraan

Araw-araw, maraming matatandang Australyano ang gumagawa ng mga desisyon na nagsasapanganib ng kanilang pera o mga ari-arian. Sa kasamaang-palad, kadalasan ay ang mga kapamilya ang namimilit sa matatanda na gumawa ng mga di-mabuting desisyong ito. Mga karaniwang sitwasyon na maaaring maglagay sa panganib ng inyong pananalapi ay ang:

- pagpapahiram ng pera sa inyong pamilya o mga kaibigan
- pagpirma ng mga dokumentong pang-bangko na ginagawang kayo ang mananagot sa inutang ng ibang tao (hal. isang garantiya o sangla na kinuha gamit ang inyong bahay)
- paghiram ng pera mula sa bangko para sa ibang tao na wala naman kayong makukuhang pakinabang mula sa pag-utang na iyon
- pagpapahiram ng pera para sa negosyo ng inyong pamilya o kaibigan
- pagbibigay ng pera nang hindi nauunawaan kung paano ito aapekto sa inyong age pension (pensyon para sa

matatanda), o sa mga serbisyo sa pag-aalaga ng matatanda na maaari ninyong tanggapin

- paglalagay ng pera sa isang joint account (magkasamang account) sa bangko nang walang paghihigpit kung paano makapaglalabas ng pera
- pagbibigay-awtoridad sa iba upang mangasiwa ng mga account sa bangko o mamahala ng mga kabayaranang galing sa Centrelink
- pagbebenta ng inyong tahanan at pagbabayad para sa isang granny flat o salong-akomodasyon, lalo na kung ito ay kinapapalooban ng mga pangakong ginawa ng inyong pamilya na magbibigay sila ng pisikal na pangangalaga sa inyo sa inyong pagtanda
- hindi pagkuha ng sarili ninyong pambatas na payo bago pumirma sa isang legal na dokumento (enduring power of attorney [malawakang kapangyarihan ng abogado]) tungkol sa inyong pananalapi
- pagsang-ayon na ang isang tao ang tatanggap ng kabayaranang galing sa Centrelink upang pangalagaan ka, nguni't hindi ka naman tumatanggap ng sapat na pangangalaga
- mga scam (panlilinlang) sa online, sa telepono o mga nambabahaya-bahay.

caxton
legal centre inc

BAKIT NAPAPASAMA ANG MGA BAGAY

Ang matatanda ay may karapatang gumawa ng mga desisyong pampinansyal na angkop sa kanila, kabilang ang kung ano ang gagawin tungkol sa pera at mga ari-arian, at paano mamamahala nito para sa kapakinabangan ng pamilya kung nanaisin nila ito. Gayunman, may lilitaw na mga problema kapag o kung:

- kayo ay maging walang-laban dahilan sa kahinaan ng katawan, di-mabuting kalusugan, umaasa sa pangangalaga, kalungkutan at pagkakabukod, kakulangan ng kasanayan sa paghawak ng pananalapi, lumalalang pagkalito, pagkamatay kamakailan ng kapareha
- ang isang kapamilya ay may personal na paghihirap gaya ng mga isyu sa pangkaisipang kalusugan, isang nasirang pakikipagrelasyon, kawalan ng trabaho, pagiging adik
- karaniwan sa pamilya na tratuhin ang inyong pera at mga ari-arian na parang ang mga ito ay pag-aari din ng lahat ng kapamilya
- hindi kayo kumuha ng sarili ninyong pambatas o pampinansyal na payo bago gumawa ng mahahalagang desisyon sa pananalapi
- walang pinirmahang nakasulat na kasunduan, mga pangakong pasalita lamang
- hindi malakas ang inyong loob o hindi sapat na ligtas upang makapagsabi ng 'hindi' sa pamimilit sa inyo
- ang mga tradisyonal na pakikipagsamahang pampamilya at pangkomunidad ay pumipigil sa inyo na magsalita tungkol sa inyong mga alalahanin
- ang mga kapamilya ay mayroong inaasahan tungkol sa kanilang mga mamanahin o sila ay mga ganid
- walang sinuman na nakakapuna ng inyong mga problema at makayanang magsabi
- ang tao na inyong pinagkakatiwalaang tumulong sa pananalapi ay hindi kumukonsulta sa inyo tungkol sa mga desisyon o hindi nagpapakita sa inyo ng mga papeles
- ang mga bangko ay hindi gumagawa ng mga hakbang na dapat nilang gawin upang protektahan kayo
- hindi gumagamit ng interpreter (tagasalin sa wika) upang malutas ang inyong mga hadlang sa wika
- Ang dokumentong enduring power of attorney ay hindi inihanda nang tama upang maiwasan ang paggamit nito sa maling paraan ng abogado.

PAANO MAPAPANATILING LIGHTAS ANG PERA AT MGA ARI-ARIAN MULA SA PAGGAMIT SA MALING PARAAN

Ang mga pinakamabuting paraan para sa inyo upang panatilihin ligtas ang inyong pera at mga ari-arian ay ang:

- mas mabuting pag-unawa ng inyong pananalapi sa pamamagitan ng pakikipag-usap tungkol dito sa mga pinagkakatiwalaang kaibigan, pamilya, mga eksperto sa pananalapi, mga grupo ng matatanda, mga helpline sa pananalapi

- pakikipag-usap sa isang financial resilience worker (para sa mas mabuting pag-unawa kung paano mamahala ng pera) o pampinansyal na tagapayo (para harapin ang mga problema sa pananalapi na sanhi ng utang)
- pagkuha ng sarili ninyong pambatas at pampinansyal na payo bago kayo makipag-ayusan (huwag pupunta sa mismong tagapayo na ginagamit ng kapamilya o kaibigan)
- pagtiyak na ang inyong dokumentong enduring power of attorney ay may mga kondisyong lubos na nagpoprotekta sa inyo. Ang Public Trustee (Pampublikong Tagapangasiwa) o isang abogado pribado ay makatutulong sa inyo na repasuhin ang dokumentong ito
- pagpupumilit sa paggamit ng interpreter, sa malalaking letra o anuman ang kailangan upang maunawaan ninyo ang kahat ng mga pakikipag-ayusan at mga dokumento na kailangang pirmahan
- pakikipag-usap sa Centrelink (mga kawaning nagbibigay ng impormasyong pampinansyal) upang maunawaan kung paano maaaring maapektuhan ang inyong pensyon o mga serbisyo sa pag-aalaga ng matatanda
- pagsulat ng mga kasunduang pampamilya at papirmahin ang lahat
- pagbisita sa inyong bangko upang pag-usapan kung paano mapapanatiling ligtas ang inyong pera, lalo na sa pagbabangko gamit ang internet, mga numero ng PIN, mga joint account, at mga awtoridad ng ikatlong partido.

Kung ang pagkabahala sa pananalapi o mga pamimilit ng pamilya ay hindi nakakapagpatulog sa inyo sa gabi, makipag-usap sa inyong doktor tungkol dito at humiling ng pagsangguni sa isang tagapayo – ang pagkabahala ay mas magpapahirap sa pananatiling malusog.

Kayo ay maaaring dumaranas ng pinsalang pampinansyal dahil ang isang tao na inyong pinagkakatiwalaan ay gumawa ng maling bagay. Makakukuha kayo ng tulong mula sa mga serbisyong nakalista sa *Makatutulong na mga Kontak* upang protektahan o makuhang muli ang inyong pera.



SAAN MAKAKUKUHA NG LIBRENG TULONG

SENIORS LEGAL AND SUPPORT SERVICE (MGA SERBISYONG PAMBATAS AT SUPORTA PARA SA MATATANDA)

Sa Caxton Legal Centre para sa pambatas na payo at suportang panlipunan at pagtataguyod
Tel: (07) 3214 6333

ELDER ABUSE PREVENTION UNIT (YUNIT SA PAGHADLANG NG PAG-ABUSO SA MATATANDA)

Tel: 1300 651 192

ADA AUSTRALIA

para sa tulong na magsalita para sa inyong mga karapatan sa paggawa ng desisyon o para sa inyong mga alalahanin tungkol sa mga serbisyo sa pag-aalaga ng matatanda
Tel: 1800 818 338 o 3637 6000

DIVERSICARE

para sa tulong sa may kalidad na mga serbisyo-sa-tahanan para sa mga tao na may ibat ibang kultura at wika
Tel: 1300 348 377

MGA PAMPINANSYAL NA TAGAPAYO

para sa tulong sa mga karaniwang problema sa utang
Tel: 1800 007 007

POLICE LINK (PAKIKIPAG-UGNAY SA PULISYA)

Tel: 13 14 44 o 000 para sa mga emerhensya

PUBLIC TRUSTEE OF QUEENSLAND (PAMPUBLIKONG TAGAPANGASIWA NG QUEENSLAND)

para sa pagsusulat ng libreng Huling Habilin at mga EPA (may bayad)
Tel: 1300 360 044

TELEPHONE INTERPRETING SERVICE (SERBISYO NG INTERPRETER SA TELEPONO)

Tel: 13 14 50

OFFICE OF THE PUBLIC GUARDIAN (OPISINA NG PAMPUBLIKONG GUARDIAN)

para sa mga alegasyon ng pag-abuso laban sa isang adulto na may mahinang kakayahan sa paggawa ng desisyon
Tel: 1300 653 187

QUEENSLAND ADVOCACY INCORPORATED (PAGTATAGUYOD SA QUEENSLAND INGKORPORADA)

para sa pambatas na pagtataguyod para sa mga taong may kapansanan
Tel: 1300 130 582

QUEENSLAND LAW SOCIETY (SAMAHANG PAMBATAS NG QUEENSLAND)

para sa mga detalye ng pagkontak sa mga abogadong pribado
Tel: 1300 367 757

SENIORS ENQUIRY LINE (MATATAWAGAN NG MATATANDA PARA MAGTANONG)

Kapag hindi ninyo tiyak kung saan dadalhin ang isang tanong o problema
Tel: 1300 135 500

Caxton Legal Centre Inc.
© Copyright Caxton Legal Centre Inc.
1 Manning Street
South Brisbane Qld 4101

Telepono: (07) 3214 6333
Facsimile: (07) 3846 7483
Internet: www.caxton.org.au

Ang impormasyong ito ay pangkasalukyan noong Pebrero 2019.



Pagkakaila

Ang papel-kaalamang ito ay nilalayon upang magbigay ng masaklaw na payo lamang at hindi dapat gamitin bilang pamalit sa pambatas na payo. Bagama't lahat ng pagsisikap ay ginawa upang matiyak ang kawastuan sa panahon ng pagsusulat, ang batas ay masalimuot at laging nagbabago.

Walang tatanggapin pananagutan para sa anumang pagkawala, pagkasira o pinsala, pampinansyal man o hindi, na daranasin ng isang tao na kumilos o nagtiwala sa impormasyong taglay o hindi taglay sa lathalaing ito.

